

平成21年度
入校案内
埼玉県立
高等技術専門校




中央高等技術専門校
川口高等技術専門校
川越高等技術専門校
熊谷高等技術専門校

所谷高等技術専門校秋元分校
春日部高等技術専門校
職業能力開発センター

埼玉
影の国

Para sa isang nais na mapahusay ang kaalaman at kakayahan: Bakit hindi bigyan ng pansin ang **Saitama Prefectural Technical Junior College?**

入校案内
2009
埼玉県立川越高等技術専門校



金属加工技術科
電気工学科
水工工学科
ビル管理科


川越
小野 30 分

Kawagoe Technical Professional School

Kwalipikasyon at kakayahan ang matibay na sandigan upang makakuha ng trabaho sa oras ng kagipitan. Maari nating hamunin ang ating mga sarili upang magkaroon ng kwalipikasyon para sa kinabukasan? **“Saitama Prefectural Technical Junior College”** ay magbibigay ng pagkakataon upang matupad ang iyong pangarap sa mura at maiging panahon ng pag-aaral ng mga kurso.

T Sino ba ang maaring mag-enroll sa kolehiyong ito?
S Depende sa kursong nais pag-aralan. Sa kolehiyong ito, ang mag-aaral ay merong dalawang kategorya: sa naghahanap ng trabaho at sa may-nais na magpalit ng kasalukuyang okupasyon.
T Meron bang pagsusuri bago makapasok?
S Merong simpleng pagsusuri na kaya kahit ng isang banyagang aplikante. Huwag matakot na subukan ito.
T Meron bang babae na nag-aaral sa kolehiyong ito?
S Inaanyayahan din ang mga kababaihan. Merong kurikulum na pambabae.
T Ilang taon ang bawat kurso?
S Merong 2 taong kurso, 1 taong kurso, at mas maigsi pa depende sa nais.

T Paano ang programa ng iskedyul ng klase?
S Ang klase ay simula 8:45 - 15:55 mula Lunes – Biyernes (bakasyon sa “public holidays”). Bakasyon ng 2 linggo sa “summer” at “winter”.



T Magkano ang “tuition fee”?
S Ang “tuition fees” para sa 2 taong kurso at 1 taong kurso ay ¥118,800 bawat taon. Para sa “entrance examination” ay ¥2,200.

Para sa maikling kurso, walang bayad para sa “tuition” at “entrance examination”. Subalit, ang mag-aaral ang magbabayad sa “textbooks”, “training clothes” at “application fees”.
T Paano bang mag-apply para sa enrollment?
S Ang banyaga ay kailangan mag sumite ng dokumento sa “Hello-Work” (2 ID “photos” kailangan din).
T Kailan ang aplikasyon mag-sisimula?
S Para sa 2-taon at 1-taon kurso, 3 linggo simula sa Oktubre 1.
 Sa maikling kurso, nararapat sa loob ng 2 linggo pagkatapos ng Enero 13. Maari po lamang na ikumpirma ang mga dokumento ng mas maaga.

T Anong mga kurso ba meron dito?


S Merong 3 uri ng kurso:
1) 2 taong kurso para sa "Metalworking", naka pokus sa "welding process", "metal plate" at iba pa ayun sa tema ng "metal production". 2-A) 1 taong kurso "Electric Working course",



Makakuha ng kaalaman sa elektrisidad, tamang gamit ng kagamitan at "construction method". 2-B) "Wood workcourse", sa nais maging "topflight woodworkers" gumagawa ng "furniture" at produktong kahoy. 3) Maingsing kurso, "Building Management course" 6 na buwan, pag-aaral ng "professional management" para sa "building at factory".

T Saan ba ang lokasyon nito?

S Merong 7 lokasyon Saitama – Ageo, Kawaguchi, Kawagoe, Hannou, Chichibu, Kumagaya, and Kasukabe.



[Let's check website!]

Saitama Prefectural Skills Development Center
<http://www.pref.saitama.lg.jp/A07/BC30/>

Pagbabago sa "procedures" sa Fujimino Oi Administration Office

Simula Abril, 2009, Ang Fujimino city hall ang mamahala ng lahat ng impormasyon ng banyagang residente. Ang Oi Administration Office ang mamahala ng pagbabago sa "Foreign Registration" at mag-issue ng Sertipikasyon para sa "foreign Residents Registry". Sa mga detalye at impormasyon, maari po tumawag sa:

Fujimino City Hall, Civic Affairs Phone:049-261-2611
Oi Administration Office, Civic Affairs Phone:049-261-2811

Karagdagang Batas ukol sa "Recycling of Home Appliances"

Sa ngayon, merong bayad ang pagtapon ng "computer" at "CRT TV" (cathode-ray tube). Simula Abril 1, kolekta para sa "liquid crystal TV", "plasma TV" at "clothes dryer" ay may konting bayad na din. Sa pagbabago na ito, kailangang bayaran ang "retailer" para sa pagtapon ganun din sa malalaking bagay na itatapon.

Aplikasyon para sa "Supplementary Income Payment" ilalabas na simula sa Abril

Ang "Supplementary Income Payment" ay opisyal ng napagtibay nung Marso 4. Ang sumusunod ay pamamaraan ng pagbigay nito: 1) Ang aplikasyon ay ilalabas ng "public office". 2) Ang mamayan ay isusulat ang kanyang "account number" at "financial institution" at ipadala ulit sa opisina kasama ang id (hal. Kopya ng pasaporte). 3) Ang "public office" ay ikumpirma ang pinasang dokumento at i-transfer ang pera sa nasabing "account". "Money transfer" ang basic na paraan. Kung nais na makuha ng "cash", ang "public offices" ay mag sasagawa rin direktso sa opisina, ngunit ito ay gagawin pagkatapos na ng lahat.

Ang Fujimi city, Fujimino city at Miyoshi town ay planong i-distribute ang aplikasyon sa Abril at mag-umpisang mag "transfer" ng kabayaran sa katapusan ng buwan. Ang "Newsletters" para sa Abril ay ipapaliwanag ng bawat "public office" ang detalye. Sa impormasyon, maari pong makipag-ugnayan sa malapit na opisina o FICEC. Sa inyong mga tanong at nais liwanagin ukol sa bagay na ito.

